# Tigdas

Nagkaroon ng pagtaas sa bilang ng mga kaso ng tigdas sa Victoria, at sa buong mundo.

Ang dalawang dosis ng measles-mumps-rubella (MMR) na bakuna ang pinakamagaling na paraan para protektahan ang iyong sarili, ang iyong pamilya at komunidad laban sa tigdas.

## Ano ang tigdas?

Ang tigdas ay isang malubhang nakakahawang viral na sakit na madaling kumakalat sa hangin kapag ang isang taong may sakit ay humihinga, umuubo o bumabahing.

Ang tigdas ay maaaring mapanganib, lalo na sa mga sanggol, kabataan, nagbubuntis at mga taong may mahinang immune system.

Ang malubhang tigdas ay maaaring humantong sa pagkaospital at kamatayan.

## Anu-ano ang mga sintomas ng tigdas?

Ang mga sintomas ay kadalasang lumalabas nang 7 hanggang 18 araw matapos malantad dito at maaaring may kasamang lagnat, ubo, sipon, mapula at matubig na mga mata, at mga pantal.

**Kung sa palagay mo ay mayroon kang tigdas, ikaw ay magpasuri. Tumawag sa health service para magpa-abiso na ikaw ay may tigdas at magsuot ng tamang sukat na face mask para maiwasan ang pagkalat ng impeksyon.**

## Paano protektahan ang iyong sarili

Dalawang dosis ng MMR na bakuna ang kinakailangan para sa immunity. Kung hindi ka pa nagkaroon ng dalawang dosis, o hindi mo alam kung nagkaroon ka na nito, magpabakuna.

Makipag-usap sa iyong GP o sa lokal na pharmacist para masigurado na ikaw at ang iyong pamilya ay tumanggap na ng dalawang dosis, o alamin dito: <https://www.betterhealth.vic.gov.au/health/healthyliving/how-to-find-your-immunisation-records>

Kung ikaw ay maglalakbay, siguraduhin na ikaw ay may dalawang dosis ng MMR na bakuna. Kung ikaw ay bumibisita sa mga kaibigan at mga kapamilya, siguraduhin na ang iyong mga bakuna ay napapanahon.

Sa Victoria, ang MMR na bakuna ay libre kung ikaw ay:

- Nararapat sa ilalim ng National Immunisation Program:
  - Mga sanggol na 12 at 18 buwan
  - Mga taong wala pang 20 taon ang edad na kailangang gawing napapanahon ang kanilang pagpapabakuna.
  - Ang mga refugee at humanitarian entrant anuman ang edad.
- Nararapat sa ilalim ng pinondohan ng estado ng Victoria na MMR na programa:
  - Sinuman na ipinanganak sa taong 1966 o mula noong 1966 at hindi pa tumanggap ng dalawang dosis ng MMR na bakuna.
  - Mga sanggol mula 6 -11 na buwan bago maglakbay sa ibang bansa

Walang Medicare card na kailangan para ma-access ang pinondohan ng estado na MMR na pagbakuna.

Para sa karagdagang impormasyon sa tigdas at paano protektahan ang iyong sarili at ang iba pa bisitahin ang Better Health Channel – Measles <https://www.betterhealth.vic.gov.au/health/conditionsandtreatments/measles>

Para tanggapin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1300 651 160, gamit ang National Relay Service 13 36 77 kung kailangan, o mag-email sa infectious.diseases@health.vic.gov.au <infectious.diseases@health.vic.gov.au>.

Awtorisado at inilimbag ng Pamahalaan ng Victoria, 1 Treasury Place, Melbourne.

© Estado ng Victoria, Australya, Kagawaran ng Kalusugan, Mayo 2025.

VICTORIA State Government | Department of Health